Republic of the Philippines
Department of Health
**FOOD AND DRUG ADMINISTRATION**

**FDA ADVISORY**
No. 2020-566-A

21 APR 2020


**PARA** : **SA LAHAT NG *HEALTHCARE PROFESSIONALS* AT SA PUBLIKO**

**PAKSA** : **Babala sa Publiko Tungkol sa Pagbili at Paggamit ng mga Hindi Rehistradong Gamot na:**

1. **DW (Alcosoft) Advanced Ethyl Alcohol 150mL**
2. **Rubbing Alcohol 70% Isopropyl Alcohol 1 gallon**
3. **Wynbert Soapmasters Inc. Isopropyl Alcohol 70% Solution**
4. **Safety First Isopropyl Alcohol With Vitamin E & Guava Extract 70% Solution**
5. **Richskin Germs Away with Vitamin E Ethyl Alcohol 70% Solution**


---

Pinapayuhan ng Food and Drug Administration (FDA) ang publiko laban sa pagbili at paggamit ng mga hindi rehistradong gamot na:





**DW (Alcosoft) ADVANCED ETHYL ALCOHOL 150mL**

Larawan 1. Hindi rehistradong gamot




**RUBBING ALCOHOL UNSCENTED 1 gallon**

Larawan 2. Hindi rehistradong gamot




**Wynbert Soapmasters Inc. ISOPROPYL ALCOHOL 70% Solution**

Larawan 3. Hindi rehistradong gamot




**SAFETY FIRST ISOPROPYL ALCOHOL With Vitamin E & Guava Extract 70% SOLUTION**

Larawan 4. Hindi rehistradong gamot




**Richskin Germs Away with Vitamin E ETHYL ALCOHOL 70% Solution**

Larawan 5. Hindi rehistradong gamot

Napatunayan sa pamamagitan ng isinagawang *Post-Marketing Surveillance* (PMS) ng FDA na ang nasabing mga gamot ay hindi dumaan sa proseso ng rehistrasyon o pag-eeksamin ng Ahensya at hindi nabigyan ng kaukulang awtorisasyon tulad ng *Certificate of Product Registration* (CPR). Dahil dito, hindi masisiguro ng Ahensya ang kalidad at kaligtasan nito. Samakatuwid, ang paggamit ng nasabing mga iligal na produkto ay maaaring magdulot ng panganib sa inyong kalusugan.

Alinsunod sa *Republic Act No.* 9711, o ang *Food and Drug Administration Act of 2009*, ang paggawa, pag-angkat, pagbenta, pamamahagi, paglipat, promosyon, pagpapatalastas o *sponsorship* ng produktong pangkalusugan nang walang kaukulang awtorisasyon mula sa FDA ay ipinagbabawal.

Ang publiko ay pinapaalalahanang huwag bumili ng nasabing mga iligal na produkto at maging maingat laban sa mga ito. Ugaliing tingnan kung ang gamot ay rehistrado sa FDA bago bilhin, sa pamamagitan ng paggamit ng *Search feature* ng FDA *website* sa **www.fda.gov.ph**. Maaari ring tingnan ang FDA *Registration number* sa *label* ng produkto.

Ang lahat ng establisyamento at/o entidad ay binabalaang huwag mamahagi ng nasabing mga iligal na produkto hanggang sa ito ay mabigyan ng kaukulang awtorisasyon, sapagkat kaukulang parusa ay mahigpit na ipatutupad.

Hinihiling sa lahat ng *Local Government Units* (LGUs) at *Law Enforcement Agencies* (LEAs) na tiyaking ang mga produktong ito ay hindi maibebenta o magagamit sa kanilang mga nasasakupan.

Para sa karagdagang impormasyon at katanungan, maaaring mag-*email* sa **info@fda.gov.ph**. Upang mag-*report* ng patuloy na pagtitinda o pangangalakal ng mga hindi rehistradong gamot, mag-*email* sa **ereport@fda.gov.ph**. Maaari ring tumawag sa *Center for Drug Regulation and Research* (CDRR) sa numerong **(02) 8809-5596**. Para sa mga hinihinalang hindi kanais-nais na reaksyon sa gamot, i-*report* agad sa FDA gamit ang *link* na ito: **https://primary reporting.who-umc.org/Reporting/Reporter?OrganizationID=PH** at kumpletuhin ang mga kinakailangang impormasyon.

Ang lahat ay hinihikayat na palaganapin ang mga nakasaad na impormasyon.

**ROLANDO ENRIQUE D. DOMINGO, MD**
Director General

DTN: